# 1

"Quality, Lola, quality ang tawag do'n," sabi niya sa abuela habang hawak ang maugat nitong kamay. "Kaya andami nating orders."

"K-kwa…k-kwaliti…" pagpupunyagi naman ng lola ni True.

"Very good, Lola." Hinalikan niya sa noo ang matanda. "Kaya kilala ang macaroons natin hanggang Japan at Europe ay dahil mahusay ang pagkakagawa natin dito," paliwanag niya habang umiikot-ikot sa harap ng salamin para tingnan kung maayos at walang gusot ang puting silk shirt niya na tinernohan ng puti ring slacks.

"Nanay Juaning, kayo na ang bahala rito sa bahay, ha?" bilin niya sa kasambahay na nakaantabay, habang inaayos niya ang natural na balat na sinturon na may malaking gold buckle na pabilog.

"Bagay ba?" tanong niya kay Nanay Juaning at sa sarili na rin habang nasa salamin ang tingin, mula ulo hanggang leather sandals.

"Oo naman," paniniguro ng kausap.

"A-ang n-neklis mo, o," sabat ng lola niya.

Nagpasalamat siya at isinuot iyon. Ngumiti siya dahil mas naging elegante nga ang hitsura niya. Alam ni True na maaasahan at mapagkakatiwalaan ang lola niya pagdating sa maraming bagay. She could vouch for that.

Nang lumayas ang kanyang ina matapos mailuwal ang isang aksidente—siya—lola na ni True ang nag-alaga sa kanya. Ang sabi, may mental retardation at speech defect ang matanda, pero habang lumalaki siya ay hindi niya pinaniwalaan ang mga nagsasabi niyon. Maabilidad at mahusay ang kanyang lola. Iyon ang paniwala ni True.

Tulad na lamang ng pagpapalaki at pag-aaruga nito sa kanya. Totoo man na may kapansanan ito sa pananalita, binawi nito sa pagmamahal ang lahat. Ramdam niya, ginamit ni Lola Elda ang motherly instinct nito para alagaan siya. Kunsabagay, pangalawa na siyang pinalaki nito. Una nga ang nanay niya. Kaya lang, nilayasan sila nito. Pero siya? Nungkang mapalayo siya sa lola niya. Minsan nga, kahit sa pagsa-shopping sa Hong Kong ay karay-karay niya ito.

Ang lola niya at ang macaroons. Ang mga iyon ang 'anting-anting' ni True sa buhay. Natuto siyang

mag-bake dahil sa sumasama siya noon kay Lola Elda na nagtatrabaho bilang assistant baker. Mabuti pa ito, may trabaho kahit kung husgahan ng marami ay sintu-sinto. Iyong ibang henyo diyan, para kay True, walang binatbat sa lola niya.

"T-tara na. Ang t-tagal-tagal, t-tagal-tagal!" Halos hilahin na siya nito palabas.

"Wait, Lola, wait!" sabi niya at ngumiti sa reflection niya sa salamin. "Diyan lang naman tayo sa ibaba sa bakeshop, eh."

Narinig niyang bumuntong-hininga ito kaya kinawayan na niya si Nanay Juaning.

"Nagpapaganda pa nga, eh," sabi niya habang naghihintay sila sa tapat ng elevator. "Paano kung ma-meet ko ngayon ang one and only ko?"

Mabilis na umiling-iling ang matanda. Tumawa si True. Alam niya kasing alam nito na wala siyang siniseryoso sa maraming nanligaw sa kanya.

"Wa-one and o-only, m-my arse," sabi nito.

"Lola! Saan mo nakuha 'yan, ha?"

"I-Internet," sagot nito na parang bata.

"Good morning," pa-seryosong bati ni True sa kanyang crew sa bakeshop.

Tumayo nang tuwid ang mga ito at pati cap ng uniform ay iniangat nang dumaan siya at ang lola niya.

Pakiramdam niya, kapag nasa bakeshop o kaya nasa factory ay reyna siya. She could command respect without trying, and she liked that. Kung edukasyon ang pag-uusapan, lamang na lamang ang crew niya sa kanya dahil lahat ng mga ito ay degree holders. Siya, graduate lang siya ng high school. Ambisyon niya kasing makausap, makahalubilo, at makasama sa litrato sa society pages ang mga celebrity at mga importanteng tao kaya siya umunlad nang umunlad. Ang pangarap na iyon ang tangi niyang puhunan. Oo, ambisyosa siya.

"Ma'am, ay, Ma'am!" Nagmamadali sa paghakbang ang kanyang manager palapit.

"Dahan-dahan," sabi niya.

"May um-order ng chocolate-covered macaroons online," sagot ng manager na si Miranda.

"O, eh di i-package kaagad," sabi ni True sa tonong nagpapahiwatig na hindi na bago ang ganoong eksena.

"Eh kasi, Ma'am, papuntang Amsterdam ho."

"May um-order na nga sa Reykjavik sa Iceland, Amsterdam pa."

"Ano raw, kung puwede lagyan ng ano, damo."

"'Yun lang? Eh, di mamitas na kayo diyan sa tabi," pahinamad niyang sagot. Nang makita sa gilid ng mata na kakamot-kamot sa batok ang manager, saka siya nagpatuloy.

"Gotcha," sabi niya at matipid na ngumiti. "Padalhan mo ng email at sabihin mo, sorry, illegal sa Pinas ang marijuana at hindi tayo nagpo-produce ng ganyang flavor."

"Yes, Ma'am," sabi nito at umalis na. Bumuntong-hininga siya, nagkibit-balikat.

"O, Lola, narinig n'yo iyon?"

Tiningnan siya ng matanda bilang tugon.

"Fifty thousand pesos iyon, pero di ko tinanggap. Biruin n'yo," sabi niya habang inaayos ang paso ng orchid sa opisina, "palalagyan ng marijuana. Eh, bawal 'yon. Lagyan ko ng nganga ang order nila, eh."

"Oo nga," tugon ng lola niya.

Binuksan ni True ang email at sinala ng tingin

ang mga sulat doon, saka eksaheradong nagsabi ng, “Ho-hummm…” nang makitang panay email ng kung sinu-sinong ‘humahanga’ sa kanya ang naroon, mula sa mga kaklase noong high school hanggang sa mga dirty old men.

“Tingnan mo ’tong isang ’to, Lola,” sabi niyang nakapamaywang. “Ito ’yong palaging ibinobotong Mr. Heartthrob noong high school kami. Gusto akong i-date. Eh, mas malaki pa ang tiyan niya ngayon sa tiyan ng kabayong paanakin!” At tumawa siya. Ngumiti rin ang lola.

“Ah, si Carlos. Carlos the loser,” sabi niya pagderecho sa sunod na email. “Guwapo sana, artistahin, pero feeling artista rin. Feeling celebrity. Baka mamaya niyan, paghugasin pa tayo ng arinola niya.” Nag-click siya sa delete nang mapadako ang mga mata sa ‘Dear True, my babe’ nito.

“Ito naman, ’La, kilala mo ba si Alejandro? ’Yung anak ng judge? Isinayaw ako nito sa party sa *Manila Polo* last week. Di niya ako nakilala kung sino talaga ako. Heto, gustong makipag-date. Di ba ito ’yung nagsisisigaw ng “IDYIT!” kapag sinusundo mo ako sa school?”

Click. Delete. Click.

Lumingon siya sa pinto nang may kumatok doon. Bumukas iyon at pumasok ang isang staff.

“Yes, Marissa?” sabi niya. “Pinadalhan mo na naman ako ng bulaklak?”

“Good morning, Ma’am, galing po ito kay Mr. Montes,” anunsyo nito.

“Ah, gano’n ba? Sige, maghati-hati kayo nina Jen diyan,” sabi niya at bumalik sa pagbabasa ng email. Di na niya napansin ang staff na nakaawang ang bibig.

Umiling siya. Umiling din ang lola niya.

“Montes the monster,” sabi ni True, at inalala ang hitsura ng nabanggit. Mestizo ito, makapal ang mga kilay, at ala-Marc Anthony ni JLo ang mukha. Mayaman. Ayaw niya nga lang ng mala-Marc Anthony.

“P-puro ka pintas,” sabi ng lola niya.

“Baka iwan lang tayo ng mga ’yan, ’La. At saka, wala talaga akong mapili.”

“P-puro p-pintas,” ulit ng lola niya, pero halata niyang hindi naman ito galit, naglalambing pa nga.

“Maski ikaw wala ka ring mapipili sa mga iyan,” sabi niya.

“Oo nga,” sang-ayon ng matanda.

"Mabuti pa magkape na lang tayo, ha, 'La?" alok niya at tiningnan ang *Tag Heuer* na wristwatch.

"Jen, brewed coffee, please," sabi niya sa intercom. "'Yung sa akin, black; 'yung kay Madam Elda ninyo, with cream and sugar."

Madam Elda ang pa-address niya sa lola niya sa staff. The woman who took care of her, who mothered her, deserved that much respect.

Iginiya niya ang lola niya sa malambot na easy chair at naupo siya sa ottoman sa tabi nito.

"Good service, Jen," puri niya sa naghatid ng kape nila, lalo't isinabay nito ang isang basket ng mainit na mini-macaroons.

"Thank you, Ma'am," sabi nito. "Anything more I can do for you, Ma'am?"

"Okay na kami, salamat ulit."

Nang makalabas ang staff, nagsimulang magbuklat si True ng mga reports at ng kanyang kalendaryo. Ang dami-dami niyang kailangang i-return call! Napa-"Hay!" siya at tinutop ang noo.

Kinuha ni Lola Elda ang kamay niya. Nasorpresa siya sa lakas ng mga daliri nito. Minsan, nakakalimutan niyang nang kabataan nito ay taga-masa ito ng arina

kaya hanggang ngayon ay mainit ang mga kamay at matibay ang mga braso. Kapag hinahaplos siya ng lola niya, tila naaalis ang pagod niya. Nang bata pa si True, kapag may lagnat siya, isang haplos lang nito sa noo, pakiramdam niya ay gumagaling na siya.

"Ikaw, m-makikilala mo ang a-asawa mo s-sa k-kama mo."

"Kama? Ko?" sabi niyang nakataas ang kilay. Tiningnan niyang muli ang matandang nakatitig sa palad niya. Ano raw?

"Oo nga," sabi nito at tumango-tango. "K-kama mo. 'A-a-ayan,o."

"Lola talaga, saan mo na naman napulot iyan? Internet na naman?"

"Hi-hindi. D-di ba ako a-ang nanghula sa n-negosyo ni Mrs. Ting n-nang p-panadera pa a-ako n-noon? S-sabi ko, l-lumipat sa P-pasig p-para l-l-lumaki bey-bey-bakery? O, di—b-ba?"

"Tsamba n'yo lang 'yon, kayo talaga," sabi ni True habang hinihipo ang braso. Kinikilabutan na talaga siya sa lola niya, kahit alam niyang nagkakatotoo nga ang mga binabasa nito sa mga palad ng may palad.

"'T-tapos n-n'ung b-beybi ka, p-palagi k-kong

sinasabi y-yayaman ka?"

"Hmm… that's sweet! Heto, yumaman nga tayo," sabi ni True na dahan-dahang inilalapit ang mainit na kape sa bibig.

Hindi man siya naniniwala sa mga 'hula' ng matanda ay hanga siya rito. Her grandmother was one brave woman. Ibang klase kung dumiskarte para magkaroon lamang sila ng pagkain sa tiyan at bubong sa ulo. Nang gumradweyt siya ng high school, naisip niyang magnegosyo agad para huwag itong mahirapang mamasukan.

Idinaan na lang ni True sa pagbabasa ng libro at pagtatanung-tanong ang kakulangan sa edukasyon. Sinuwerte naman siya. Nagkaroon siya ng maraming big breaks. Nga lang, napansin niyang lahat ng big breaks na iyon ay dahil sinunod niya ang insights na bigla na lang ibinubulalas ng lola niya, tulad ng gumawa daw siya ng chocolate-covered macaroons. Weird man kung tutuusin, nagkakatotoo ang mga hula nito. Tumaas nang tumaas ang kita sa macaroons na nababalot ng tsokolate.

Naalimpungatan siya nang mag-ring ang landline ng opisina. Inabot niya ang wireless extension.

"*The Macaroon Factory*, good morning," sabi niya

sa boses niyang pinaka-professional pero amicable.

"Mrs. Ting? Kumusta po kayo? Heto, maganda pa rin. Oho, nandito po. Ipapasa ko lang po ang receiver."

"Si Mrs. Ting, Lola." At iniabot niya sa abuela ang telepono.

Nangingiti si True habang pinakikinggan ang pakikipag-usap ng dating trabahadora sa amo. Di niya ma-imagine kung paano nagkakaunawaan ang dalawang babae. Si Mrs. Ting na lumaking Mandarin ang inilalabas ng bibig, at ang lola niyang utal kung magsalita.

Marahil mutual understanding lang talaga. Nang sabay magretiro ang dalawa, mas naging magkaibigan pa ang mga ito. At may napagkatuwaang pagkaabalahan: Tai chi.

Tinanggap niya ang extension wire mula sa katabing matanda at maagap na nag-"Hi" bago maibaba ng kausap ang telepono.

"Mrs. Ting, same time po ba ang Tai chi ninyo ni Lola bukas?" kumpirma niya. "Ah… opo. Ihahanda ko po ang extra dress. 'Bye, Mrs. Ting. Thank you."

"'La, may party pala kayo sa *Tai chi Association*

bukas. Attend kayo ni Nanay Juaning, ha? Ihahatid ko kayo at susunduin.”

“S-si Mrs. Ting, ang bait. T-tingnan m-mo, m-mas l-lumago ang ne-negosyo,” sabi ng lola niya. “I-ikaw din, m-magpakabait k-ka.”

“Eh, mabait naman ako, ah. Malambing at professional sa trabaho,” balik niya na kunwa’y nakasimangot.

Umiling ito.

“P-puro ka p-pintas.”

“Sa mga manliligaw lang ’yon, Lola,” aniya. “Pagdating sa negosyo, nagpapakabait naman ako, ah.”

“M-maging ma-mabait ka s-sa ka-kanila.”

“Yes ’La,” sabi na lamang ni True. Mas mabuti nang huwag nang makipagtalo rito at wala ring patutunguhan iyon.

Ngayon lang niya na-realize na totoong kagalang-galang ang lola niya. Hindi mo puwedeng bastahin. Noon ngang high school siya at hatid-sundo, walang sakunang nakalalapit sa kanya. Ang nakapagtataka, tahimik lamang ang lola niya. But the old woman commanded respect every time.

That was character. That was strength. At ang mga nagmamaliit dito nang kabataan nito, karmado. Naroon pa rin sa miserableng buhay ang mga ito, tumanda na at lahat. Samantalang ang lola niya, patuloy sa pag-angat ang kalidad ng buhay.

Tumayo siya at nag-inat. Bumukas ang pinto ng opisina niya at iniluwa ang staff na si Jen.

"Ma'am, si Sir Gerson po," anunsyo nito. "Papapasukin ko po ba?"

"Okay," sabi na lamang niya. Lola's order: maging mabait sa mga manliligaw.

Tumambad sa kanyang paningin ang maamong mukha ng sales manager ng kumpanyang ino-order-an nila ng heavy-duty kitchen equipment. Plantsadong-plantsado ang pantaas nitong de-kuwelyo ganoon din ang slacks. Kumikinang ang leather oxfords dahil siguro regular na inieskoba ito ng katulong nito.

"Hi, Gerson, what can I do for you?" *First name basis na iyon, Lola.* Pero alam niyang pormal pa rin ang tinig niya.

"Good morning, True. You look so pristine today."

"Thanks. So, what's up?"

"Gusto ko lang personal na iabot ang bagong

catalog ng kumpanya. Kung may makikita kang additional equipment na gusto mong ipa-install, please call me."

Tumangu-tango siya at tinanggap ang brochure at business card na iniabot nito. Pang-ilang business card na ba itong inaabot ng lalaking ito? Mababalasa na niya ang tambak na cards na nasa ibabang drawer niya.

"Salamat, sige, tatawag na lang kami."

"At," pahabol nito.

Alam na ni True kung ano iyon. Tumiim ang bagang niya. "Yes?" At pormal niya itong tiningnan sa mukha.

"If you are free tonight, barbecue sana tayo. I live in a penthouse, you know."

"No, I'm not free tonight," sabi niya na may tipid na ngiti. Pinaikot niya ang mga mata nang makaalis ang bisita.

"Dapat sabi mo, y-yes," entrada ng lola niya.

"Lola naman. Gusto mo ba iyon? Parang mama's boy!" Nasaan ba ang magaling na insights ng lola niya kapag kailangan niya?

Mula sa paglakad-lakad, bumalik siya sa tabi ng abuela niyang humihigop ng pangalawang tasa nito ng kape. Sinundan siya nito ng tingin habang dahan-dahan siyang naupo sa ottoman para magka-eye level sila ng matanda.

"Lola, matanong ko lang," seryosong sabi niya. "Ano ang hitsura n'ung lalaking sinabi ninyong nasa kama ko?" Nagkibit-balikat siya pagkasabi niyon dahil hindi pa rin niya matanggap ang 'lalaki sa kama.'

"P-payat. Pa-pangit. P-palabuy-laboy."

# 2

"Pakihintay na lang?" sabi niya sa mga nakaantabay na mamimili. "Parating na ang delivery van namin."

Inayos ni True ang mga package ng natitirang macaroons. Puro plain macaroons iyon. Mabilis na naubos ang macaroons na may pandan cream ube filling, at lalo na ang macaroons na nababalot ng tsokolate.

Linggo ng umaga, tumataas na ang araw at dumarami rin ang mga mamimili sa organic open market. Ito ang paboritong araw niya, ang paboritong tindahan niya—nasa labas at maraming taong dumaraan. Parang pista.

"Ang bilis, ah! Ang galing ng timing mo, Kuya," papuri niya sa driver ng delivery van na naghatid ng kahon-kahong macaroons.

Kaagad niyang pinagpatung-patong sa mesa ang mga kahon. Nagsimula na ulit ang pag-ring ng cash register na hawak ni Jen, at siya naman, itinuon ang pansin sa pag-aabot ng napiling kahon ng macaroon ng mga mamimili.

"Whew!" sabi niya at pinunasan ang namumuong

pawis sa noo. Ginawa niyang pamaypay ang cardboard na unang nahawakan, at sumimsim ng tubig sa plastic bote.

"Huwag kayong bumili niyan, matamis 'yan pero nakakalason."

Napalingon si True sa pinanggalingan ng boses. Hayun ito, nakasandal sa posteng tent ng stall niya. Isang mamang ang buhok ay hahabulin ng barber.

"Magkano ang isang pack?" anang isang ale.

"Ninety-nine sa plain at one hundred twenty na lang sa flavored," awtomatiko niyang sagot.

"Nakakalason ang katamisan n'yan," sabat ng mamang gulo-gulo ang buhok at punit-punit ang maong na pantalon.

Binalingan ito ni True ng matalim na sulyap.

Umalis ang ginang sa stall niya na walang binili kaya mas uminit ang ulo niya.

"Ipapupulis kita pag di ka umalis." Nilapitan na niya ang bagamundo at binantaan.

Hindi tuminag sa kinatatayuan ang lalaki kaya binigyan niya ito ng kanyang 'tiger look.'

Nagulat siya nang sinalubong nito ang tingin

niya. Matagal. Nanghahamon. At hindi ito ang unang sumuko.

Walang-imik na tinalikuran niya ito at bumalik siya sa wooden stool sa likod ng mesa ng mga paninda.

Ilang mamimili na, at ilang minuto na ang lumipas ay nakatayo pa rin ang lalaki sa puwesto nito.

"Walang pakundangan talaga." Sinulyapan ni True ang lalaki nang makaalis ang isang mamimili. Medyo kuba ang tayo ng lalaki. Nakasuot ito ng jacket na maong, kahit na kasikatan ng araw.

"Excuse me," sabi niya rito at inalok ito ng isang bukas na kahon ng macaroons. Tiningnan lang nito iyon at ngumiti nang bahagya. Hindi alam ni True kung maiinsulto siya sa ngiti o mahihiwagaan.

Bumalik siya sa stall na kumpleto pa rin ang bilang ng macaroons sa loob ng kahon.

Para huwag nang mapansin ang estranghero, ibinaling na lang niya ang atensyon sa pagtitinda.

"Kumusta ka na diyan?" bati niya kay Jen, ang naka-assign na kahera nang araw na iyon.

"Okay po, Ma'am," balik nito.

“Break time muna, sige na, Jen. Mag-snack ka muna at ako muna ang bahala dito sa stall,” aniya.

Nang makaalis ang assistant, isinuot ni True ang bisor para di siya gaanong masilaw ng init ng araw at naupo sa cashier’s corner. Pinagkaabalahan niyang ayusin ang mga patung-patong ng kahon ng paninda. Ilang oras na lang ay magsasara na sila kaya tinawagan niya ang kanyang lola.

“Sabay-sabay na po tayong mananghalian, Lola,” sabi niya sa telepono sa malakas na tinig dahil maingay ang mga dumaraan. “Malapit na po kaming magsara. Hintayin mo ako, ha? Love you, Lola. ’Bye.”

Nang itatago na niya sa beltbag ang cellphone ay saka niya napansing nakatingin ang lalaki sa kanya. Na tila naging interesado ito sa pag-uusap nilang maglola.

Luminga si True para sitahin ulit ito, pero nagsimula na itong maglakad palayo.

---

“There’s this eerie guy this morning,” sabi niya sa mga kaibigan nang gabing iyon habang magkakatabi silang nakaupo at nakababad sa *Jacuzzi* sa ituktok ng building nila.

"'Yung rugged man na nakatayo sa may stall mo?" tanong ni Lauren, ang graphic designer ng mga advertisement ng macaroons niya. "Ngayon ko lang nakita sa organic market iyon, ah."

"Oo, at bawat bumibili, sinasabihan niya na may lason ang paninda ko," gigil na sabi niya, sabay bulabog sa maligamgam na tubig.

"Ummm, baka kasi sugar ang sweetener mo," ani Yen, ang kaibigan nilang nutritionist-fitness coach.

"Kampihan mo naman ako," panunuyo niya rito, saka itinampisaw muli ang kamay.

"Use stevia or maple syrup or honey," sabi ulit ni Yen.

"Ano ka ba? Napapraning na nga ang tao, eh," sabi ni True habang sumisipa sa ilalim ng tubig na mas nagpabula rito.

"Well, ano'ng masasabi mo sa hitsura? Mukhang mamamatay-tao ba?" tanong ni Lauren at saka kinawayan at nginitian ang dumating, ang asawa nitong si Crispin.

"Payat siya at saka, eww, ayoko sa pagmumukha niya. Pangit. Lalaking palaboy."

Pagkasabi noon, napalunok siya dahil sa

naalalang sabi ng lola niya.

"O, may dumaang anghel," sabat ni Yen. "Biglang natahimik, ah."

"Hindi ako iyon," sagot ni Crispin. "Susunduin ko lang ang asawa ko. Hi, ladies."

"Hi, Crispin," bati ni Yen sa dumating.

"Magandang gabi," bati ni True at kinawayan ang bagong dating kahit sa malayo siya nakatingin. Huminga siya nang malalim at pinagtuunan ng pansin ang maligamgam na tubig na bumubula. Pinakinabangan niya ang jet stream ng tubig. Tumapat siya doon at pinatama iyon sa kanyang likod. The perfect back massage. Gusto niyang makatulog nang mahimbing mamaya at ayaw niyang sumagi sa isip ang lalaking gusgusin. At sana ay huwag na huwag lumitaw sa panaginip niya ang imahe nito.

"Yen," tawag niya sa kaibigan nang makaalis ang mag-asawa.

"Bakit?" usisa nito habang nakatapat din sa jet ng tubig na nagmamasahe rin sa likod nito.

"Naniniwala ka ba sa hula?" tanong niya, nakatingin pa rin sa malayo.

"Naku, hindi 'no," sagot kaagad ng kausap. "May

free will tayo. Kung ayaw natin, hindi mangyayari ang kung anumang hula-hula.”

Tumango si True kahit na hindi nilingon ang kausap. Patuloy niyang ikinumpas-kumpas ang kamay sa ilalim ng tubig.

“Eh, mukhang di mo naman siniseryoso ang sinabi ko.” May bahid na ng tampo ang tinig ng kausap.

“Paano mo naman nasabi ’yan? Ikaw nga itong adviser ko parati.”

“Kanina ka pa kasi nakatingin sa malayo, di mo naman pinakikinggan ang sinasabi ko.”

“May naalala lang kasi ako. Pero tulad mo, hindi rin ako naniniwala sa hula. I also believe in life choices. Ikaw nga, ang dami-dami mo nang pagsubok na dinaanan. You defied bad destiny. Di ka sumuko sa mga hirap na ibinibigay sa ’yo ng tadhana, kaya tingnan mo ang narating mo ngayon,” sabi niya sa kaibigan.

Ang kuwento naman kasi ni Yen, pang-*Maalaala Mo Kaya*.

“Ba’t ba preoccupied na preoccupied ka du’n sa lalaking palaboy?”

“Takutin ba naman ang mga mamimili na may lason ang macaroons ko.”

Umahon si Yen kaya sumunod na rin siya.

“Ayoko nang magkita pa kami ng taong iyon,” sabi niya habang isinusuot ang bathrobe. “Sa susunod na Linggo, pag tumambay ulit iyon sa may stall, ipahuhuli ko na talaga.”

“Huwag mo na siyang isipin. Kumbaga sa halaman, pag hindi mo dinilig, matutuyot at mamamatay na lang sa tabi.”

Iyon lang at nagpaalam na ang kaibigan niya at pumanhik na sa unit nito.

Naiiling si True habang nagpapatuyo ng buhok.

*Huwag ka na kasing sumingit sa isip ko*, pakiusap niya.

Natawa siya, pero gusto niyang maiyak dahil parang last song syndrome na paulit-ulit na lumitaw sa isip niya ang imahe ng lalaki. At iyon ang kinahantungan ng weekend niya. Nakatulog si True na iniisip kung sino ang lalaki.

---

“Good morning, ma’am,” bati ng staff ni True

nang sumungaw ang ulo nito sa pinto ng opisina niya. "Narito po ang *Brooks Deliver*, hinahanap kayo at may pipirmahan."

Lumiwanag ang mukha ni True. Tiyak, ang passport niya iyon at may visa nang patungong Japan.

Tila ilang hakbang lamang ang ginawa niya papunta sa bukana ng bakeshop niya para pirmahan ang record book at tanggapin ag parcel na naglalaman ng passport na may visa.

She was exuberant. Gusto niyang ibalita kaagad ito sa lola niya, gusto niyang ihanda ang matanda sa kanyang pag-alis. Dalawang buwan din ang training sa paggawa ng Japanese pastries. Matagal iyon. Isa pa ay gusto sana niyang mag-imbita ng distributors ng kanyang macaroons, lalung-lalo na sa Tokyo area.

*This calls for a celebration!* sabi niya sa sarili, pero pinigil niya ang pumunta sa kanilang kalye para bumili ng paborito niyang fish and chips. Mamayang uwian na niya iyon gagawin, at kakainin niya ang malaking order na iyon habang nasa kotse siya at nag-iisa. A mini-blow-out.

Matapos tawagan ang lola niya at si Nanay Juaning, ginugol niya ang maghapon sa pag-aasikaso sa negosyo. Mas natagalan siya sa loob ng malaking

kusina ng *The Macaroon Factory*, kung saan ginagawa ang pre-mixed macaroons. Sa sistema niya, palaging bagong hain ang mga macaroons; freshly baked dahil pagdating sa bakeshop ay saka pa lamang ito bine-bake. Freshly baked macaroons. Iyon ang trademark ng kanyang produkto. Maliit lamang ang inuupahan niyang warehouse-production site, pero pinananatili naman ni True ang quality ng kanyang produkto.

“Miss Pia, may bagong delivery na ba ng butter?” tanong niya sa warehouse manager.

“Parating pa lamang po, Ma’am. Katitingin ko lang sa tracker,” agad na tugon nito.

“Ba’t natagalan ngayon? Dati, first week of the month ay nandito na iyon, ah.”

“Ma’am kasi, di ba nagpalit tayo ng brand ng butter? *Land O’Lakes* butter na ang brand natin. Delayed po ngayong buwan ang delivery pero may supply pa rin po tayo ng naunang brand.”

“Kailan daw ang dating ng bagong in-order?”

“Ngayong weekend na, Ma’am.”

“So, sino ang mag-aasikaso niyan? Weekend pa man din.”

“May duty po ako sa weekend, kaya ako rin ang

tatanggap," sagot ng warehouse manager.

Tumango-tango si True at sinabing, "Okay, good work," bago tumungo sa production section ng pabrika.

Nasiyahan siya dahil istriktong pinapagsuot ng food preparation gloves at face mask ang mga staff sa production area. Malilinis din ang puting uniporme ng mga ito.

She smirked. Sinumpong na naman siya ng pagkainis. Naisip na naman niya ang lalaking sinisiraan ang kanyang produkto. Kung alam lamang nito at ng mga mamimili kung gaano ka-istrikto sa kalinisan at quality control ang *Macaroon Factory!*

"Ma'am, tikman na po ninyo ang cheesecake-macaroon bars natin," sabi ng kanyang food production manager. Kamakailan lang nila tinrabaho nang overnight at walang tulugan ang target nilang 'perfect' cheesecake macaroon bars. Ito ang isa sa nais niyang iprisinta sa mga negosyante sa Tokyo.

"Kalahati lang, okay?" sabi niya dahil nilalagyan nga niya ng espasyo ang tiyan para sa umuusok at malutong na fish and chips mamaya.

Pero nakain niya ang buong bar ng pagkasarap-sarap na bagong imbento nila, at nakisali pa siya sa

palakpakan ng staff nang sumaludo rin ang mga ito sa lasa ng bagong produkto. Lumabas siya ng pabrika na halos lumulutang ang mga paa dahil sa tuwa.

Ang bait naman ng tadhana sa kanya. Magandang katawan, mapagmahal na lola, mga empleyadong loyal sa kanya, lumalagong negosyo.

Ano pa kaya ang susunod na suwerteng darating sa kanya?

Bago umuwi sa unit ay dumaan muna si True sa katapat na English-style restaurant at umorder ng fish and chips at ng paborito niyang cilantro cream para sawsawan.

Bagaman ini-lock niya ang kotseng naka-park, dinala pa rin niya ang portfolio kung saan naroon ang parcel na naglalaman ng passport niya. Gusto niyang nasa malapit niya ang parcel. Tokyo would be a big business transaction. Gusto niyang maramdaman ang nalalapit niyang tagumpay oras na pumunta siya roon.

"Ma'am, baka kailangan n'yo ng plastic bag?" suhestiyon ng crew sa counter nang iniabot sa kanya ang fish and chips.

"Hindi na, okay na ang pagkakabalot nito," balik niya na masaya ang tinig. "Para tipid din kayo sa

plastic bag."

Natutuwa din siya sa pagiging environmentally conscious niya. Lahat silang magkakaibigan ay ganoon. Hangga't maaari ay iniiwasan nilang gumamit ng plastic. O magtapon nito.

Binalanse na lamang ni True ang portfolio at ang fish and chips na nakalagay sa tradisyunal nitong balutan: papel na newsprint.

Nang dinukot niya ang susi sa kotse, nagsimulang bumuka ang balot na papel ng inorder. Mabilis niyang naagapan ang matatapon sanang chips. Nga lang, nahulog ang kanyang portfolio. At lumusot iyon sa daanan ng tubig papunta sa imburnal sa ilalim ng konkretong kalye...

Napasinghap si True at nanlaki ang mga mata. Hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin. Natatanaw niya ang portfolio sa siwang ng bakal na harang, pero di niya iyon abot-kamay. Halos isang tao ang lalim niyon.

Naupo siya sa bangketa at nag-isip ng paraan para makuha ang portfolio. Tatawag ba siya sa *Public Works and Highways?* Sarado na ang mga opisina. Bumbero kaya? Baka pagtawanan siya. Kaminero? Kung may dumaan. Pero sa oras na ito, hindi naman

naglilinis ng kalsada ang mga iyon.

Nawalan siya ng ganang kumain. Hindi madali ang kumuha ng Japan visa. Isa pa, ilang buwan din siyang nag-aral ng Nihongo para ihanda ang sarili. Pagkatapos heto, hanggang imburnal lang ang kahahantungan ng visa niya!